Mensahe Lima

## Ang Intensiyon ng Diyos kay Job—<br>isang Mabuting Tao na Nagiging isang Diyos-tao

Babasahin sa Kasulatan: Job 1:1, 8; 2:3, 9; 27:5; 31:6; 42:5-6; Juan 1:14; Roma 1:3-4; 8:29

**I. Si Job ay isang mabuting tao, na inihahayag ang kanyang sarili sa kanyang kasakdalan, pagkamatuwid, at integridad—Job 27:5; 31:6; 32:1:**

A. Ang pagiging sakdal ay may kaugnayan sa panloob na tao, at ang pagiging matuwid ay may kaugnayan sa panlabas na tao—1:1.

B. Si Job ay isang tao ng integridad; ang integridad ay ang kabuuan ng pagiging sakdal at matuwid—2:3, 9; 27:5; 31:6:

1. Kaugnay kay Job, ang integridad ay ang buong kahayagan ng kung ano siya.
2. Sa pag-uugali, si Job ay sakdal at matuwid, at sa kanyang etika, siya ay may mataas na pamantayan ng integridad.

C. Si Job ay takot sa Diyos sa positibo at lumalayo sa kasamaan sa negatibo—1:1:

1. Hindi nilikha ng Diyos ang tao upang matakot lamang sa Kanya at hindi gumawa ng anumang mali; sa halip, nilikha ng Diyos ang tao sa Kanyang sariling larawan at ayon sa Kanyang wangis upang maihayag ng tao ang Diyos—Gen. 1:26.
2. Ang ihayag ang Diyos ay mas mataas kaysa sa pagkatakot sa Diyos at paglayo sa kasamaan.
3. Ang natamo ni Job sa kanyang kasakdalan, pagkamatuwid, at integridad ay lubusang walang kabuluhan; hindi nito maisasakatuparan ang layunin ng Diyos ni mabibigyang-kasiyahan ang Kanyang nais, at sa gayon, Siya ay mapagmahal na nag-aalala para kay Job—Job 1:6-8; 2:1-3.

D. Tanging ang Diyos ang nakaaalam na si Job ay may pangangailangan—wala siyang Diyos sa loob niya; samakatwid, ninais ng Diyos na Siya ay matamo ni Job upang maihayag Siya para sa pagsasakatuparan ng Kanyang layunin—42:5-6.

**II. Ang intensiyon ng Diyos ay yaong si Job ay maging isang Diyos-tao, na inihahayag ang Diyos sa Kanyang mga kagalingan—22:24-25; 38:1-3:**

A. Dinala ng Diyos si Job sa isa pang kinasasaklawan, ang kinasasaklawan ng Diyos, nang sa gayon ay matamo ni Job ang Diyos sa halip na ang kanyang mga natamo sa kanyang kasakdalan, katuwiran, at integridad—42:5-6.

B. Ang intensiyon ng Diyos ay ang gawin si Job na isang tao ng Diyos, napunuan ni Kristo, ang pagsasakatawan ng Diyos, upang maging ang kapuspusan ng Diyos para sa kahayagan ng Diyos sa loob ni Kristo—1 Tim. 6:11; 2 Tim. 3:17.

C. Ang pag-aalis at pang-uubos ng Diyos ay isinagawa kay Job upang wasakin siya upang magkaroon ng batayan at isang daan ang Diyos upang muling itayo siya sa pamamagitan ng Diyos Mismo upang siya ay maging isang Diyos-tao, katulad ng Diyos sa Kanyang buhay at kalikasan ngunit hindi sa Kanyang pagka-Diyos, upang ihayag ang Diyos—Efe. 3:16-21.

D. Hindi ninanais ng Diyos na tayo, ang mga mananampalataya sa loob ni Kristo, ay maging isang mabuting tao; ninanais Niya na tayo ay maging isang Diyos-tao—Juan 1:12-13; Roma 8:16:

1. Nilikha tayo ng Diyos sa Kanyang sariling larawan para sa layuning ihayag ang Diyos at taglay ang Kanyang kapamahalaan upang katawanin Siya—Gen. 1:26-28.

2. Kung tayo ay isang mabuting tao lamang, hindi natin maihahayag ang Diyos o maikakatawan Siya.
3. Hindi isang mabuting tao kundi isang Diyos-tao ang naghahayag sa Diyos at ang kumakatawan sa Diyos—2 Cor. 3:18.
4. Ang mga Diyos-tao na naghahayag sa Diyos ay ang mga kinatawan ng Diyos at may awtoridad ng Diyos sa lahat ng bagay—Gen. 1:27-28.

**III. Ang pagkakatawang-tao ni Kristo, ang pagsasakatawan at kahayagan ng Tres-unong Diyos, ay nagbunga ng isang Diyos-tao—Luc. 1:31-32a; Juan 1:1, 14, 18, 51:**

A. Ang Ebanghelyo ng Lucas ay isang pahayag ng Diyos-tao na namuhay ng isang pantaong pamumuhay na puspos ng dibinong buhay bilang nilalaman—1:35; 2:7-16, 34-35, 40, 49, 52.

B. Sa loob ni Kristo, ang Diyos at tao ay naging isang entidad, ang Diyos-tao—1:35; Juan 1:14; Mat. 1:18, 20-23:

1. Dahil ang Panginoong Hesus ay ipinaglihi ng dibinong esensiya at isinilang ng pantaong esensiya, Siya ay isinilang na isang Diyos-tao; kaya, para sa Kanyang katauhan bilang Diyos-tao, Siya ay may dalawang esensiya—ang dibinong esensiya at ang pantaong esensiya—b. 18.
2. Ang paglilihi ng Espiritu Santo sa isang pantaong birhen ay binubuo ng pakikipaghalo ng dibinong kalikasan sa pantaong kalikasan, na ibinubunga ang Diyos-tao, ang Isa na kapwa kumpletong Diyos at sakdal na tao—Luc. 1:35.
3. Bilang isang sakdal na tao at kumpletong Diyos, ang Diyos-tao ay may pantaong kalikasan kalakip ang mga kagalingan nito upang ilaman ang Diyos at ihayag Siya sa pamamagitan ng mga dibinong katangian.

C. Bilang Diyos-tao, ang Panginoong Hesus ay namuhay sa lupa hindi sa pamamagitan ng pantaong buhay kundi sa pamamagitan ng dibinong buhay—Juan 5:18-19, 30; 6:57a:

1. Nang ang Panginoong Hesus ay nasa lupa, bagama't Siya ay isang tao, Siya ay namuhay sa pamamagitan ng Diyos—b. 57a; 5:19, 30; 6:38; 8:28; 7:16-18:
   a. Ipinamuhay ng Panginoong Hesus ang Diyos at inihayag ang Diyos sa lahat ng bagay; anumang ginawa Niya ay ang paggawa ng Diyos mula sa loob Niya at sa pamamagitan Niya—14:10.
   b. Ang Panginoong Hesus ay namuhay bilang isang Diyos-tao sa pamamagitan ng buhay ng Diyos, hindi sa pamamagitan ng buhay ng tao—6:57a.
   c. Ang Kanyang pamumuhay ay hindi ipinamuhay sa pamamagitan ng pantaong buhay kundi sa pamamagitan ng dibinong buhay—1:4; 11:25; 14:6.
2. Dahil ang Panginoong Hesus ay palaging namuhay sa pamamagitan ng pagtanggi sa Kanyang pantaong buhay—sa pamamagitan ng palaging paglalagay ng Kanyang sarili sa ilalim ng krus—ang Kanyang pantaong pamumuhay ay hindi naghayag ng pagkatao kundi ng pagkadibino sa mga dibinong katangian na nagiging mga pantaong kagalingan—Mat. 16:21, 24.
3. Sa lahat ng Kanyang mga araw sa lupa, itinatwa Niya ang Kanyang sarili at kinuha ang krus nang sa gayon ay maipamuhay Niya ang Diyos upang ihayag ang Diyos sa Kanyang mga dibinong katangian na nagiging mga pantaong kagalingan; ito ang buhay ng unang Diyos-tao bilang unang tularan—Luc. 1:31-32a; 7:11-16; 10:25-37; 13:10-16; Roma 8:3, 29.

**IV. Sa simula, nagsasalita ang Biblia hinggil sa Diyos-tao; sa pamamagitan ng Kanyang pagkabuhay na muli, ang Diyos-taong ito ay naibunga bilang maraming Diyos-tao—Roma 1:3-4; 8:29; Heb. 2:10:**

A. Ang Panginoong Hesus, ang unang Diyos-tao, ay ang unang tularan para sa pagbubunga ng maraming Diyos-tao, ang Kanyang pagpaparami—1 Ped. 2:21.

B. Ang Diyos ay naging tao upang magkaroon ng malakihang pagpaparami ng Kanyang sarili at sa gayon ay ibunga ang isang bagong uri; ang bagong uring ito ay ang Diyos-taong uri—Roma 8:3, 29; Heb. 2:10.

C. Ang Panginoong Hesus, ang Diyos-tao, ay isang butil ng trigo na nahulog sa lupa upang magbunga ng maraming butil bilang Kanyang pagpaparami—Juan 12:24:

   1. Ang unang butil—ang unang Diyos-tao—ay ang unang tularan, at ang maraming butil—ang maraming Diyos-tao—na ibinunga nitong isang butil sa pamamagitan ng kamatayan at pagkabuhay na muli ay ang pagpaparami ng unang Diyos-tao.
   2. Ang maraming butil, bilang maraming Diyos-tao, ay ang pagpaparami ng Diyos; ang gayong pagpaparami ay nagpapasaya sa Diyos sapagkat ang Kanyang pagpaparami ay kamukha Niya, nagsasalitang katulad Niya, at namumuhay na katulad Niya—1 Juan 2:6; 3:2; 4:17b.

D. Ang unang hakbang ng pagpaparami ng Diyos-tao ay yaong dapat tayong maisilang na muli ng malahanging Kristo sa ating espiritu kalakip ang Kanyang dibinong buhay at kalikasan—Juan 3:3, 6.

E. Para sa pagpaparami ng Diyos-tao, kailangan nating matransporma ng malahanging Kristo sa ating kaluluwa kalakip ang Kanyang mga dibinong kagalingan upang mapataas, mapalakas, mapagyaman, at mapunuan ang ating mga pantaong katangian para sa Kanyang kahayagan sa ating pagkatao—2 Cor. 3:17-18; Roma 12:2.

F. Kailangan nating makita na tayo ay mga Diyos-tao, isinilang ng Diyos, tinagtaglay ang buhay at kalikasan ng Diyos, at nabibilang sa espesiye ng Diyos—Juan 1:12-13:

   1. Bilang mga anak ng Diyos, na isinilang ng Diyos kalakip ang dibinong buhay, tayo ay mga Diyos-tao, mga dibinong persona; tayo ay kapareho ng Isa na nagsilang sa atin—1 Juan 3:1; 5:1.
   2. Yamang tayo ay isinilang ng Diyos, maaari nating sabihin na tayo ay Diyos sa buhay at sa kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos—Juan 1:12-13; Roma 8:16; 2 Ped. 1:4.
   3. Ang isipin ang ating mga sarili bilang mga Diyos-tao at ang malaman at matanto kung sino tayo ay magdudulot ng malaking pagbabago sa atin sa ating pang-araw-araw na karanasan—1 Juan 2:20; 3:1-2; 5:13, 20.
   4. Tayo ay hindi lamang mga Kristiyano o mga mananampalataya sa loob ni Kristo; tayo ay mga Diyos-tao, ang Diyos-taong uri, ang pagpaparami ng Diyos—Juan 12:24; Roma 8:16, 29; Heb. 2:10-11.

**V. Ang Diyos-taong pamumuhay ni Kristo ang bumuo sa Kanya na maging ~~is~~unang tularan upang Siya ay maparami sa loob natin at mami~~pam~~uhay muli sa loob natin, ang mga Diyos-tao—Juan 14:19; Gal. 2:20:**

A. Bilang pagpaparami ng Diyos-tao, kailangan nating ipamuhay ang buhay ng isang Diyos-tao—Fil. 1:19-21a; 3:10.

B. Ang pantaong pamumuhay ni Kristo ay ang taong ipinamumuhay ang Diyos upang ihayag ang mga katangian ng Diyos sa mga pantaong kagalingan; ang Kanyang mga pantaong katangian ay napunuan, naihalo, at nababaran ng mga dibinong katangian—Luc. 1:26-35; 7:11-17; 10:25-37; 19:1-10.

C. Bilang pagpapalawak, paglaki, pagpaparami, at pagpapatuloy ng unang Diyos-tao, dapat tayong mamuhay ng parehong uri ng buhay na Kanyang ipinamuhay—1 Juan 2:6:

   1. Ang Diyos-taong pamumuhay ng Panginoon ay nagtatag ng isang modelo para sa ating Diyos-taong pamumuhay—pagiging naipako sa krus upang mabuhay nang sa gayon ay maihayag ang Diyos sa pagkatao—Gal. 2:20.

2. Kailangan nating itatwa ang ating sarili, maiwangis sa kamatayan ni Kristo, at dakilain Siya sa pamamagitan ng masaganang tustos ng Kanyang Espiritu—Mat. 16:24; Fil. 3:10; 1:19-21a.
3. Dapat nating tanggihan ang paglilinang sa sarili at kondenahin ang pagtatayo ng natural na tao; kailangan nating matanto na ang mga Kristiyanong katangian ay may kaugnayang pang-esensyal sa dibinong buhay, sa dibinong kalikasan, at sa Diyos Mismo—Gal. 5:22-23.
4. Ang Isa na namuhay ng buhay ng isang Diyos-tao ay ang Espiritung namumuhay sa loob natin at sa pamamagitan natin ngayon; hindi natin dapat pahintulutan ang anumang bagay maliban sa Isang ito na punuan tayo at okupahan tayo—2 Cor. 3:17; 13:5; Efe. 3:16-19.

D. Ang Kristo sa Filipos 1:21a ay ang Diyos-tao sa Filipos 2:5-8; samakatwid, ang ipamuhay si Kristo ay ang ipamuhay ang Diyos-tao sa pamamagitan ng masaganang tustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo—1:19.

E. Kapag tayo ay nagbukas ng ating sarili sa Panginoon, iniibig Siya, at ninanais na maihugpong sa Kanya bilang isa, tayo ay napupunuan at naaangkin Niya at naipamumuhay natin ang kaluwalhatian ng pagkadibino at ang mga kagalingan ng pagkatao—1 Cor. 2:9; 6:17; Fil. 4:4-9.

*© 2020 Living Stream Ministry*